# Social Security

## A Snapshot

### Isang Lagom

Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng isang maikling lagom ng mga pinaka-mahalagang panig ng mga programa ng Panlipunang Katiwasayan (Social Security), Seguradong Karagdagang Sustento (o SSI sa Ingles) at Medicare. Maaari kayong makatanggap ng tiyak na impormasyon ukol sa mga programang ito kung sakaling dumalaw sa www.ssa.gov sa Internet o kaya'y tumawag sa libreng numero (**1-800-772-1213**) at humiling ng ibang dokumento ukol sa Panlipunang Katiwasayan o makipagusap sa isang kinatawan ng Panlipunang Katiwasayan.

### Ang Iyong Numero sa Panlipunang Katiwasayan

Ang mga benepisyo na makukuha mo galing sa Panlipunang Katiwasayan ay binabatay sa iyong kinita na itinala sa ilalim ng iyong numero sa Panlipunang Katiwasayan. Dahil dito mahalaga na lagi mong ginagamit ang tamang numero. Dapat mo ring tiyakin na ang pangalan na ginagamit mo sa trabaho ay siya ring pangalan na nakasulat sa iyong tarheta ng Panlipunang Katiwasayan (Social Security card). Kung sakaling baguhin mo man ang iyong pangalan, dapat mo ring baguhin ang pangalan sa iyong tarheta. Ang Panlipunang Katiwasayan ay *hindi* hihiling ng bayad para sa serbisyong ito. Kahit na ang mga bata ay may numero sa Panlipunang Katiwasayan dahil dapat isulat ng kanilang magulang ang numerong ito upang angkinin sila bilang pakainin (dependent).

### Pagbayad ng Buwis sa Panlipunang Katiwasayan

Kung nagtratrabaho ka para sa ibang tao, binabawas ng iyong pinaglilingkuran ang buwis sa Panlipunang Katiwasayan at Medicare mula sa iyong sahod, pinapantayan ang halagang ito, binabayad sa Internal Revenue Service (IRS) at ibinubunyag ang iyong kinita sa Panlipunang Katiwasayan. Kung sakali naman na ika'y nagtratrabaho para sa iyong sarili, dapat kang magbayad ng buwis sa Panlipunang Katiwasayan sa sakaling magharap ka ng iyong kahilingan sa buwis (tax return). Ang IRS ang siyang nagbubunyag ng iyong kinita sa Panlipunang Katiwasayan. Ang halagang binabayad mo ay katulad ng pinagsamang kaparte ng empleado/pinaglilingkuran, ngunit may natatanging bawas na maaaring mong samantalahin upang mapababa ang halaga ng buwis.

### Pagkita ng mga Puntos sa Panlipunang Katiwasayan

Habang nagtratrabaho ka at nagbabayad ng buwis, kumikita ka ng mga puntos (credits) na maaaring makapagbigay sa iyo ng karapatang makakuha sa hinaharap ng benepisyo galing sa Panlipunang Katiwasayan. Ang pinakamaraming puntos na makukuha sa bawat taon ay apat (4). Ang lalong nakararami sa tao ay nangangailangan ng 40 puntos (o 10 taon ng pagtratrabaho) upang magkaroon ng katangiang kailangan sa mga benepisyo. Ang mga kabataan ay nangangailangan ng mas kaunting puntos upang magkaroon ng katangiang kailangan sa benepisyo para sa mga may kapansanan at naulila.

### Ano ang Makukuha kong Benepisyo sa Panlipunang Katiwasayan

Ang mga benepisyong makukuha mo galing sa Panlipunang Katiwasayan ay isang porsiyento ng iyong kinita kung saan kinuha ang promedyo batay sa halos lahat ng taon ng iyong paghahanapbuhay. Ang Panlipunang Katiwasayan ay di nilikha upang maging tanging pinagmumulan ng iyong kita kapag ika'y nagretiro o magkaroon ng kapansanan at hindi makapagtrabaho, o maging tanging pinagmumulan ng kita ng iyong pamilya kapag ika'y sumakabilang buhay. Ito ay nilikha upang madagdagan ang ibang kinita mo mula sa pensyon, pag-iimpok, mga pamumuhunan, atbp. Ang mga manggagawa na maliit ang kita ay makakakuha ng mas malaking halaga galing sa Panlipunang Katiwasayan kaysa sa mga taong malaki ang kita, ngunit ang isang manggagawa na pangkaraniwan lamang ang kita ay makakaasa ng benepisyong pang-retiro na kumakatawan ng mahigi-kumulang sa 40 porsyento ng kanyang pinapatakang kita sa buong buhay (average lifetime earnings). Upang makakuha ng libreng tantiya ng benepisyo para sa mga nagretiro, sa mga may kapansanan at naulila na maaaring makuha mo o ng iyong pamilya, tumawag lamang sa Panlipunang Katiwasayan sa numerong **1-800-772-1213**.

### Benepisyo galing sa Panlipunang Katiwasayan

May limang punong kategorya ng benepisyong binabatay sa mga buwis na nabayad mo sa Panlipunang Katiwasayan: benepisyo para sa mga nagretiro, benepisyo para sa mga may kapansanan, benepisyong pangpamilya, benepisyo para sa mga naulila at Medicare. (Ang mga benepisyong SSI na hindi kinukuha galing sa mga buwis na binabayad sa Panlipunang Katiwasayan ay tatalakayin sa ibang bahagi).

***Pagretiro***

Kahit sino na may sapat na puntos sa Panlipunang Katiwasayan ay maaaring makakuha ng benepisyo sa sakaling maabot ang buong gulang ng pagretiro (o kaya'y makakuha ng mas mababang halaga kapag maabot ang gulang na 62 taon). Ang buong gulang ng pagretiro ay 65 para sa mga taong napanganak bago 1938. Ang gulang ng pagretiro ay unti-unting tumataas hanggang maabot ang 67 para sa mga taong napanganak noong 1960 at mga sumunod na taon. Ang mga tao na nagaantalang magretiro pagkalampas maabot ang buong gulang ng pagretiro ay bibigyan ng tanging puntos sa bawat buwan na hindi sila tumatanggap ng benepisyo hanggang maabot nila ang kanilang 70-ng taon.

***Kapansanan***

Kahit sino na may sapat na puntos sa Panlipunang Katiwasayan at may malubhang kapansanan sa katawan o isip na inaasahang makasagabal sa kanilang makagawa ng trabahong "may kabuluhan" sa loob ng isa o higit pang taon o kaya'y may kalagayan na maaaring humantong sa kamatayan ay maaaring makakuha ng benepisyo. Sa karaniwan, ang kita na mas higit sa $740 bawat buwan ay maaaring ituring isang trabahong may kabuluhan. Kabilang sa programa para sa mga taong may kapansanan ang mga pampasigla upang mapaginhawa ang pagbabalik sa pagtrabaho, kasama na ang pagpapatuloy ng mga benepisyo at segurong pangkalusugan para sa mga taong nagsusumikap magtrabaho.

***Benepisyong pangpamilya***

Kung ikaw ay karapat-dapat makatanggap ng benepisyo para sa mga nagretiro o may kapansanan, ibang miyembro ng iyong pamilya ay maaari ring makatanggap ng benepisyo. Kasama na dito ang iyong asawa kung ang gulang niya ay di-kukulangin sa 62 taon o kaya'y mas bata sa 62 taon ngunit nagaalaga ng isang batang mas bata sa 16 taon; ang mga anak mo kung sila'y walang asawa at mas bata sa 18 taon, mas bata sa 19 taon ngunit pumupunta pa sa paaralan, o kaya'y mas magulang sa 18 o higit pang taon ngunit may kapansanan. Kung ika'y deborsiyado, ang dating asawa mo ay maaaring makatanggap ng benepisyo batay sa iyong dokumento.

***Mga naulila***

Kapag ika'y sumakabilang buhay, tanging miyembro ng iyong pamilya ay maaaring makatanggap ng benepisyo kung sakaling nakalikom ka ng sapat na puntos sa Panlipunang Katiwasayan noong nagtratrabaho ka pa. Kasama na sa mga miyembrong ito ang: isang balong babae o lalaki na 60 taon o mas higit pa ang gulang, 50 taon o mas higit pa ang gulang at may kapansanan, o kaya'y anumang gulang at tagapag-alaga ng isang batang mas bata sa 16 taon; mga anak mo kung sila'y walang asawa at mas bata sa 18 taon o mas matanda ngunit may kapansanan; ang iyong magulang kung ikaw ang kanilang pangunahing pinagmumulan ng sustento. Maaaring mabayaran ng $255 ng isang beses ang iyong asawa o mga anak na hindi pa nakaabot ng sapat na gulang kapag ikaw ay sumakabilang buhay. Kung ika'y deborsiyado, ang dating awasa mo ay maaaring makatanggap ng benepisyo para sa balong babae (lalaki) batay sa iyong dokumento.

***Medicare***

May dalawang bahagi ang Medicare: segurong pang-ospital (minsan tinatawag na Bahagi A o "Part A") at segurong medikal (minsan tinatawag na Bahagi B o "Part B"). Sa karinawan, ang mga taong mas higit sa 65 ang gulang at tumatanggap ng benepisyo galing sa Panlipunang Katiwasayan ay kaagad karapat dapat tumanggap ng Medicare. Gayon na rin ang mga taong dalawang taon nang tumatanggap ng benepisyo para sa mga may kapansanan. Ang ibang tao ay dapat magharap ng kahilingan. Ang Bahagi A ay kinukuha sa isang kaparte ng buwis na binabayad sa Panlipunang Katiwasayan ng mga taong nagtratrabaho pa. Ito'y tumutulong bayaran ang mga gastos sa pagalaga ng maysakit sa ospital, pagalaga na binibigay ng mga nars ang iba pang serbisyo. Ang Bahagi B ay kinukuha sa mga buwanang bayad ng mga namamasukan at sa mga karaniwang nalilikom na buwis. Ito'y tumutulong bayaran ang mga gastos tulad ng bayad sa doktor, pagalaga sa pasyente sa labas ng ospital, at ibang serbisyo at kasangkapang panggamot.

## Seguradong Karagdagang Sustento

Ang SSI ang nagbibigay ng buwanang sustento sa mga taong mababa ang kita at kakaunti lamang ang ari-arian. Upang makatanggap ng SSI, ika'y dapat 65 taon o mas higit pa ang gulang o kaya'y may kapansanan. Ang mga bata gayon na rin ang mga taong may sapat na gulang ay maaaring makatanggap ng sustento galing sa SSI. Gaya ng ipinapahiwatig ng pangalan, ang SSI o Seguradong Karagdagang Sustento ay isang dagdag sa iyong kita hanggang iba't-ibang nibel at ito'y binabatay sa lugar ng iyong tirahan.

Ang gobiyernong pederal ay nagbabayad ng isang saligang halaga at ito'y dinaragdagan ng ibang estado ng salapi. Tingnan mo kung magkano ang halaga ng SSI sa iyong estado sa iyong lokal na opisina ng Panlipunang Katiwasayan. Sa karaniwan, ang mga taong karapat dapat tumanggap ng SSI ay nakatatanggap rin ng Medicaid, "food stamps" at ibang tulong.

Ang mga benepisyo mula sa SSI ay *hindi* kihukuha sa mga pondo ng Panlipunang Katiwasayan at *hindi* binabatay sa nakaraang kita. Sa halip, ang mga benepisyong ito ay tinutustusan ng mga karaniwang nalilikom na buwis at ginagamit upang seguradong mabayaran ng pinakamababang buwanang sahod ang mga matatanda at taong may kapansanan.

**Kailan at Paano Magharap ng Kahilingan para sa mga Benepisyo galing sa Panlipunang Katiwasayan o SSI**

Dapat kang magharap ng kahilingan para sa benepisyo para sa mga may kapansanan na galing sa Panlipunang Katiwasayan o SSI kapag ika'y lubhang maysakit na hindi ka na makapagtrabaho at kahilingan para sa benepisyo para sa mga naulila kapag ang tanging tagapaghanapbuhay ay sumakabilang buhay. Kapag iniisipan mo nang magretiro, dapat mong kausapin ang isang kinatawan ng Panlipunang Katiwasayan noong taon bago ng taon kung kailan mo planong magretiro. Maaari mong samantalahin ang pagkakataong umpisahan na ang iyong benepisyong pangretiro bago ka humintong magtrabaho.

Upang magharap ng kahilingan para sa mga benepisyo, makatanggap ng impormasyon o makausap ang isang kinatawan ng Panlipunang Katiwasayan, tumawag lamang sa aming libreng numero - **1-800-772-1213**. Maaari mo ring tawagan ang numerong ito upang magtakda ng isang tipanan sa iyong lokal na opisina ng Panlipunang Katiwasayan. Ang mga telepono namin ay laging okupado sa mga unang araw ng linggo at mga unang araw ng buwan. Samakatwid, kung ang pakay mo ay maaaring makahintay, mas mabuting tumawag sa ibang panahon.

Kung naghaharap ka na ng kahilingan para sa benepisyo, dapat mong isama ang mga dokumentong nagpapatunay na ika'y karapat dapat tumanggap nito. Ang mga dokumentong ito ay tulad ng katibayan ng kapanganakan ng bawat miyembro ng iyong pamilya na nagkakarap ng kahilingan, katibayan ng kasal kung ang asawa mo ay naghaharap rin ng kahilingan, at ang pinakahuli mong "W-2 form" (o "tax return" kung ika'y nagtratrabaho para sa iyong sarili).

Tinuturing lihim ng Pangasiwaan ng Panlipunang Katiwasayan ang lahat ng tawag sa telepono - kung sakali mang ito'y tawag sa libreng numero o tawag sa lokal na opisina. Nais rin naming seguraduhin na tatanggap kayo ng tama at magalang na serbisyo. Samakatwid may pangalawang kinatawan ng Panlipunang Katiwasayan na pinakikinggan ang lahat ng tawag sa telepono na palabas at paloob.

**Social Security Administration**
**A Snapshot (Tagalog)**
**SSA Publication No. 05-10006**
**January 2001**